Mga Payo Para sa Mga Magulang at Tagapag-alaga ng Mababang Paaralan

Ang mga batang lumiliban sa klase, ay nawawalan ng matutunan. Maliban kung may karamdaman, ang malimit na pagliban sa paaralan ay maiiwasan ng kaunting pagsisikap. Tulungan ang inyong anak na matuto, gumawa ng pang-matagalang pakikipagkaibigan, at linangin ang kakayahan at panindigang kailangan na maging mabuting mamamayan at makabuluhang kasapi ng bayan.

- ✓ Utusang pumasok sa paaralan ang inyong anak sa **tamang oras, araw-araw**, at tiyaking tapos ang mga gawaing-bahay.
- ✓ Ang suliranin sa sasakyan, ang nahuling sa-sakyan, at ang ulan ay kabilang sa mga **hindi tamang dahilan** ng pagliban at ilalagay sa permanenteng talaan ng inyong anak.
- ✓ Ang pinahabang bakasyon, pinahabang linggo, at malimit na pagpunta sa manggagamot na itinakda sa oras ng pagpasok ay magiging sanh-ing **mahuli sa mga aralin** sa klase ang inyong anak.
- ✓ Ang pagiging nasa paaralan araw-araw ay **tataas ang pagkakataong ang inyong anak** ay mag-karoon ng mataas na marka sa mahahalagang pagsusulit sa buong taon.
- ✓ Sundin ang tamang mga patnubay para sa **pagbigay ng tamang dahilan ng pagliban** sa paaralan sa tamang panahon.
- ✓ Payagang manatili ang inyong anak sa bahay **lamang kung** siya ay may nakahahawang sakit o napakalubhang karamdaman.
- ✓ Tiyaking ang inyong anak ay **nagpapalakas, kumakain ng wastong pagkain**, at **sagana sa tulog**. Ito'y tutulungan siyang maging handa sa kaisipan at pangangatawang matuto, at lumakas ang panlaban sa sakit.
- ✓ Bigyan ang inyong anak ng **sapat na oras** sa paghahanda sa pagpasok sa paaralan kinaumaga-han. Sikaping ihanda ang pananghalian, ang mga gamit sa paaralan, at ang mga damit na susuutin, sa gabi bago araw ng pasukan.
- ✓ **Basahin ang lahat ng kaalamang** pinadadala ng paaralan sa inyo. Ilagay ang mga mahahalagang petsa sa inyong paskilan o sa repridyeretor.
- ✓ **Magkakaroon ng mga kasangkapang** tulong ng mga kaalaman sa pagiging magulang, pakikipag-usap sa inyong anak, at paghikayat sa kaniyang pahalagahan ang pag-aaral. Tawagan ang inyong tagapayo sa paaralan o tawagan ang Harold J. Ballard Parent Center, ang tahanan ng San Diego Parent University, sa (619) 293-4431.

Paniwalaang ang Bawat Araw ay Mahalaga at masdan ang inyong anak na pumailanlang!

Sa karagdagang kaalaman, tawagan:

Jennie Breister
Grant Coordinator
Annie E. Casey Foundation
Communications Department
San Diego Unified School District
619-725-5598 or
jbreister@sandi.net

Ang kasulatang ito ay inilathala kasama ang suporta ng Annie E. Casey Foundation Grant.

Last updated 05/02/07

SAN DIEGO UNIFIED SCHOOL DISTRICT
SD USD *Becoming America's Best* COMMUNICATIONS